# Si Liya at ang Dapithapon sa Ilaya

*Ituturo ng Kuya ni Liya ang pangalan ng mga puno mula sa atis, tiyesa, ilang-ilang, lukban, balimbing, at ople. Ipakikinig kay Liya ang lagitlit ng kawayang mabolo sa tabing-ilog. Gayundin, ang amarilyo, rosas, butonsilyo, at calladium sa hardin ng kanilang Mama. Maglalaro sila sa burol, mangunguha ng mga salagubang sa punong mangga. Aakyat sa bayabas at panunuorin ang ilog sa kanilang ilaya. Sa gabi, kukuwentuhan si Liya ng kaniyang Kuya ng mga maligno, engkanto, at lamanlupa. Kapag tulog na ito sa kaniyang tabi, pakikinggan ni Liya ang mundo.*

*Lahat ng ito ay iginuhit ni Liya nang matandaan ang kaniyang Kuya. Kasa-kasama niya sa kaniyang puso. Nararamdaman sa paligid na pumipintig at humihinga. Nagbibigay ng pag-asa ang puso ng musmos sa nangungulilang ina. Magiging kakulay ng kanilang mata ang dapithapon sa ilaya.*

Nakita ni Liya ang kaniyang Mama na nakaupo na sa hapag-kainan. Nakatulala. Binati niya ang kaniyang Mama. Lumapit siya rito at hinagkan ang pisngi. Tiningnan lamang siya nito. Nakita niya sa hapag ang pritong itlog at hotdog. Nagsimula silang kumain nang walang imikan. Nakikiramdam naman si Liya sa kaniyang Mama sa pagitan ng pagsubo. Pagkatapos nilang kumain, inimis ng kaniyang Mama ang hapag. Tahimik na dinala ang pinagkainan sa kusina at naghugas. Inayos ni Liya ang mga upuan saka nagpaalam sa kaniyang Mama na maglalaro sa hardin.

Kukumustahin ni Liya ang mga bulaklak ng amarilyo, butonsilyo, rosas, at calladium. Natutuhan niya ang mga pangalan ng bulaklak sa kaniyang kuya. Habang kinikilatis ni Liya ang mga bulaklak kung may uod bang nakisilong sa mga dahon at tangkay nito, mararamdaman niya ang kaniyang Kuya sa kaniyang likuran. Batid niyang gugulatin siya nito kaya hinanda niya ang kaniyang sarili. Nagtawanan ang dalawa. Nabuking ang kaniyang Kuya.

Maglalaro silang dalawa sa malawak na hardin. Ituturo naman ng kaniyang kuya ang pangalan ng mga puno sa bakuran: ang atis na maraming buto na tumutubo lamang kung buwan ng tag-ulan; tiyesa na hugis habilog na ginto ngunit lasang tisa, ang biro nito; ang mataas na ilang-ilang na may mabangong samyo sa gabi; ang lukban na may maliliit na bungang may katas na maasim kung puti pa at matamis naman kung kulay pink na; balimbing na hugis bituin na nagpapangiwi sa kaniyang mukha tuwing kakainin. Ituturo rin nito ang puno ng ople. Pipitas ang kaniyang kuya ng dahon nito. Ilalagay sa kaniyang kamay at uutusan siyang damahin ang magaspang na dahon. Mainam itong panglinis ng kawali't kaldero, kailangang lagyan ang dahon ng abo na natira sa ilalim ng kalan saka iisis sa marurusing na puwitan ng kawali't kaldero. Tiyak

na kikintab muli ang mga ito. Tatawa naman ng malakas si Liya. Maaari siyang manalamin sa kawali't kaldero na nilinis sa pamamagitan ng ople at abo.

Babaling pa si Liya sa iba pang puno. Lalapit siya sa mabolong kawayan sa tabing-ilog na pinamumugaran ng alitaptap sa gabi. Doon daw nakatira ang mga diwata at magagalit sila kung may gagambala sa kanilang pamamahinga. Pinapikit si Liya ng kaniyang kuya, biglang humangin nang malakas at sumabay ang lagitlit ng kawayan. Napakagandang tunog! Sabi ng kaniyang kuya, bukod sa maaaring gamitin sa pagtatayo ng bahay ang kawayan ay ginagamit din itong instrumentong musikal.

Naroon din ang puno ng mga aratiles sa tabing-ilog. Aakyat sila ng kuya niya rito habang namimitas ng namimintog na pulang bunga. Nakakain naman si Liya ng luoy na aratiles at hindi niya napigilang iluwa ito. Natawa ang kaniyang kuya. Huwag daw niyang pitasin ang kulay dilaw na aratiles, hindi na masarap ang mga ito. Pinagbawalan din siya nito sa mga bunga na dapat hindi niya kainin dahil sasakit ang kaniyang tiyan. Kailangan niyang matutuhan ang pangalan ng mga puno, kailan ang mga ito maaaring mamunga o ano ang kagamitan sa mga ito.

Uuwi sila sa bahay, magpapaalam naman ang kaniyang kuya na magpapahinga sa kaniyang silid. Lilinisin naman ni Liya ang kaniyang sarili. Ang nakadikit na mangkit sa laylayan ng kaniyang damit at mantsa ng kinaing aratiles. Maya-maya pa'y tinawag na siya ng kaniyang Mama upang maghapunan na sila. Ginataang pako at suso na nakuha sa tabing-ilog. Sarap na sarap si Liya sa ulam na niluto ng kaniyang Mama. Pagkatapos ng walang imikang hapunan, ilalatag niya ang kaniyang banig at ikakabit ang tali ng kulambo sa apat na nakausling pako sa kuwarto. Sa

dilim, tahimik na iaangat ng kaniyang kuya ang kulambo, magsisimula sila muli sa paglalaro. Kukuwentuhan siya nito ng mga maligno, engkanto, at lamanlupa. Tatanungin siya nito kung natatakot siya at sasabihing niyang hindi kahit pa naglalakbay na ang kaniyang imahinasyon sa lugar ng kababalaghan ng gabi. At sa nakalatag na dilim habang natutulog ang kaniyang kuya pakikinggan niya ang mundo hanggang siya'y hilahin ng antok.

Kinabukasan, niyaya si Liya ng kaniyang mga kaibigang maglangoy sa ilog. Mabuti at ipinagpaalam siya ng mga ito sa kaniyang Mama kaya pumayag ito. Isa-isa silang nagpaligsahan sa paglangoy gamit ang mga timbulang niyog. Tawang-tawa si Liya kay Ekang kung bakit naman kasi'y langoy palaka ito. Nagbatuhan sila ng bolang putik at naghabulan sa tubig ng kaniyang mga kaibigan. Isa-isang tinawag ng kanilang mga Mama ang kaniyang mga kaibigan. Naiwan si Liya sa tabing-ilog. Hinahanap ang sariling Mama. Umahon siya sa tubig bitbit ang timbulang niyog na kaniyang iniwanan sa lilim ng punong mangga. Umuwi siyang basang-basa ang damit, sinalubong siya nito. Tiningnan ang kaniyang hitsura at tahimik na imumuwestra na magbanlaw siya ng katawan.

Pagkatapos magbihis, tumalilis si Liya sa likod na pinto ng kanilang bahay. Maglalaro siya sa burol na ilang minuto lamang ang layo sa kanilang bahay.

Manghuhuli sila ng kaniyang Kuya ng salagubang na nakatago sa ilalim ng dahon at ugat ng punong mangga. Kailangan nila itong alisin sa puno dahil kung hindi ay mauubos ang dahon nito. Pagkatapos na maialis ang mga salagubang, inilipat nila ang mga nahuli sa isang malayong bahagi ng burol. Maaari sila roong mamuhay na hindi makapipinsala sa mga namumungang puno.

Pagkatapos nagtungo sila Liya sa may bayabasan. Inakyat nila ito ng kaniyang kuya at nanguha ng bunga. Kinain nilang dalawa ang namimintog na hinog na bunga ng bayabas habang nakaupo sa sanga. Tinanaw nila ang ilog sa paanan ng burol. "Parang malaking sawa ang ilog! Kumikislap ang katawan sa sikat ng araw!" ang bulalas ni Liya. Guguluhin ng kaniyang kuya ang kaniyang buhok.

Tinanong si Liya ng kaniyang kuya: "Liya, nauunawaan mo ba ang mga itinuro ko sa 'yo?" nakangiti ito sa kaniya.

"Hm, nag-aaral po tayo sa pangalan ng mga puno't halaman. Anong gamit sa mga ito at kailan namumunga't namumulaklak."

"Masaya ka ba sa pagkatuto?" dagdag pa nito. "Oo naman, Kuya!" bungisngis ni Liya.

"Bukod sa mga ito, Liya, nais kong matutuhan mo na pahalagahan lahat ng buhay, maliit man o malaki. At paano tayo nabubuhay kasama ang mga ito. Igalang natin lahat ng buhay dahil ito ay sagrado," napatingin si Liya sa kaniyang kuya. "Ano po ang sagrado?" pakling tanong niya. "Ibig sabihin nito lahat ng buhay ay nilikha ng may dahilan. Parang tayo, 'di ba? Kailangan nating ingatan ang isa't isa. May mga limitasyon ang buhay ng bawat isa sa atin." Nagsimulang mangilid ang luha ni Liya. "Bakit po kailangang mamatay ng mga nilikha?" niyakap ng kaniyang kuya si Liya. "Hindi ko rin alam, Liya. Ngunit kailangan natin itong tanggapin kahit gaano man kasakit. Hindi ba kapag namumukadkad ang maraming bulaklak sa tag-init at namumunga ang mga puno

pagkatapos ay malalanta o mahihinog ang mga ito? Magpapahinga ang mga puno't halaman. Ngunit sa susunod na tag-init, mamumulaklak at mamumunga ulit sila."

Tinanaw ng magkapatid ang ilog nang biglang narinig ni Liya ang isang malakas na tinig na dumagundong sa paligid. Naghampasan ang dahon ng saging, umingit ang mga kawayan, at nagsiliparan ang mga kulisap. Tinig ng kanilang Mama.

Patakbong nagpadausdos si Liya sa burol. Iniimadyin na isa siyang adbenturera sa madawag na kagubatan. Dagli niyang iniliko ang katawan upang hindi tumama sa mangga sa likod bahay. Naabutan niya ang kaniyang Mama sa pintuan.

"Hindi ba sinabi ko na sa 'yo na huwag kang magpaabot ng hapon. Ikaw na bata ka!" ang sambit ng kaniyang Mama. Humingi siya ng paumanhin dito ngunit napansin nito ang mantsa sa kuwelyo ng kaniyang damit. "Umakyat ka na naman ba sa bayabasan? Tingnan mo nga ang damit mo. Kuuu, kay dumi-dumi." Hindi napigilan ni Liya na mangilid ang kaniyang luha. "Sorry, Mama." Natigilan ang kaniyang Mama at nangilid din ang luha nito.

"Anak, ayaw ko lang mapahamak ka. Ikaw na lang ang natitira sa akin." Umupo ang kaniyang Mama sa kaniyang tabi.

"Mama, kasama pa natin si Kuya." Tinitigan siyang mabuti ng kaniyang Mama. Hinaplos ni Liya ang mukha ng kaniyang Mama. Tatlong buwan na ang nakararaan nang namayapa ang kaniyang Kuya. Ilang araw din siyang hinabilin ng kaniyang Mama sa kanilang kapitbahay dahil

kailangan niya itong bantayan sa ospital. At noong makauwi ito, mahigpit siya nitong niyakap at pinagtapat ang pagkawala ng kaniyang Kuya. Labis na ang paghihirap sa kaniyang hika at hindi kinaya ng kaniyang baga.

Madalas tuwing naghahabulan sila ng kaniyang Kuya bigla itong hihinto at maghahabol ng hininga. Kailangan din nitong gumamit ng aparatong pampausok tuwing gabi. Makikita naman niya ang kaniyang Mama na nagpapainom dito ng iba't ibang kulay ng tabletas habang umiinom siya ng gatas. At kapag malamig ang madaling-araw, magigising siyang pinaiinom ito ng kaniyang Mama ng pinakuluang sambong na babalot ang amoy sa loob ng bahay.

Hinaplos niya ang buhok ng kaniyang ina. Kay lalim na ng mata nito.

"Mama, nasa puso natin si Kuya."

"Nararamdaman ko siya sa mga damo sa umaga. Iyong may hamog pa dala ng lamig ng madaling-araw. Tuwing itutubog ko ang aking paa sa ilog at huhuni nang matinis ang kilyawan sa kawayanan. Naririto pa siya, Mama. Nakikita at nararamdaman sa lahat ng bagay. Ang turo ni Kuya tuwing nalulungkot ako tumingin lamang ako sa paligid ko. Pumipintig ang paligid. Humihinga. Hanapin ko lang daw siya sa mga bulaklak, puno, at kulisap," nakangiting sambit ni Liya.

Niyakap nang buong higpit si Liya ng kaniyang Mama. Tinitigan siya nito tila may hinahanap sa kaniyang malalim na mata.

“Patawarin mo ako, anak. Sa labis na kalungkutan, nalimot kong tumingin at makiramdam sa paligid.”

Kinuha ni Liya sa kaniyang backpack ang kaniyang notebook. Binuklat niya ito at pinakita sa kaniyang Mama. Naroon ang kaniyang mga guhit ng iba’t ibang bulaklak. Ang paglalaro nila ng kaniyang Kuya sa bakuran at pagkilala sa mga puno. Ang kaniyang Kuya na umaakyat sa bayabas. Ang salagubang na hawak-hawak ni Liya. Ang ilog sa kanilang ilaya. Makukulay ang guhit ni Liya. Nakangiti sila ng kaniyang Kuya at nakayakap sa kanilang Mama. Iginuhit niyang lahat nang matandaan ang kaniyang Kuya.

Ngumiti ang Mama ni Liya sa unang pagkakataon. May dumapong tutubi sa balikat ni Liya. Napatingin sila ng kaniyang Mama sa mga nagliliparang tutubi habang nalalatagan ng sarikulay ang hardin sa papalubog na araw. Hindi alam ni Liya kung gaano sila katagal ng kaniyang Mama na nakatanaw sa labas nang tumunog ang kaniyang tiyan sa gutom. Biglang napatingin ang Mama niya sa kaniya at sabay silang napabungisngis.

“Ihahanda ko na ang hapag. Maghugas ka na ng iyong kamay at magpalit ng bihisan. Kakain na tayo.”